

EMPLOYMENT DEVELOPMENT DEPARTMENT
PO BOX 2530
RANCHO CORDOVA, CA 95741-2530



HILING PARA SA BERIPIKASYON NG PAGKAKAKILANLAN

Pangalan at Address ng Naghahabla

Pangalan ng
Naghahabla Address
ng Naghahabla
Lungsod, CA ZIP Code

Petsa ng Koreo:
Petsa ng
Pagkakaroon ng
Bisa:

Mga Telepono ng EDD:
1-866-401-2849

Natatanggap mo ang abisong ito dahil ang Employment Development Department (EDD) ay hindi magawang beripikahin ang iyong pagkakakilanlan batay sa impormasyon na ibinigay nang ipinasa ang iyong Unemployment Insurance (UI) claim. Pakilagyan ng tsek ang naaangkop na kahon sa ibaba:

- Isinumite **ko** ang claim na ito na may Petsa ng Simula na nasa itaas. Lagdaan at petsahan ang form na ito sa ibaba at ibalik ito sa sobre na nakalaan kasama ng hiniling na mga dokumento para sa beripikasyon ng pagkakakilanlan na nakalista sa likod ng form na ito.
- Hindi **ko** isinumite ang claim na ito na may Petsa ng Simula na nasa itaas. Lagdaan at petsahan ang form na ito sa ibaba at ibalik ito sa sobre na nakalaan. Iniimbestigahan ng EDD and lahat ng report sa pandaraya.

MAHALAGA: ANG HINDI PAGSUNOD SA HILING NA ITO SA LOOB NG 10 ARAW NG KALENDARYO MULA SA PETA SA PAGPADALA SA KOREO NG FORM NA ITO AY MAGRERESULTA SA PAGKAKAIT NG MGA BENEPISYO.

Hindi makapagbigay ng mga bayad sa benepisyo ang EDD hangga't wala kang ibinibigay na mga katanggap-tanggap na dokumento, at naberipika ng EDD ang iyong pagkakakilanlan at ang siyam na numerong Social Security number (SSN) na ibinigay mo nang magsumite ka ng claim ay pareho sa ibinigay sa iyo ng Social Security Administration (SSA).

Ang dalawang uri ng dokumento sa pagkakakilanlan na kinakailangan ng EDD ay nakalista sa ikawalang pahina ng abisong ito. **Ang kalakip na Mga Katanggap-tanggap na Dokumento para Beripikasyon ng Pagkakakilanlan (DE 1326CD) ay nagbibigay ng detalyadong mga halimbawa ng mga dokumento sa pagkakakilanlan na tinatanggap.** Kung hindi mo ibibigay ang mga katanggap-tanggap na dokumento ng pagkakakilanlan o hindi mapatunayan ng EDD ang iyong pagkakakilanlan gamit ang mga dokumento, hindi ka magiging kwalipikado na tumanggap ng mga benepisyo. Kung kailangan mo ng karagdagang panahon upang maibigay ang mga dokumento ng pagkakakilanlan, sundin ang mga tagubilin sa ikalawang pahina ng abisong ito para humiling ng dagdag na panahon.

HUWAG magpadala ng kopya ng iyong Social Security card. Ang card ay **HINDI** sapat para sa kinakailangan.

LAGDAAN at ibalik ang form na ito **kasama ng** malinaw at nababasa na mga dokumento para sa beripikasyon ng pagkakakilanlan sa loob ng sobre **sa loob ng 10 araw ng kalendaryo** mula sa petsa ng pagpapadala sa koreo ng abisong ito. Dapat patuloy mong patunayan sa bawat linggo na nais mong i-claim ang mga benepisyo habang ang isyu sa beripikasyon ng pagkakakilanlan ay nilulutas upang maiwasan ang pagkaantala ng pagpoproseso ng iyong claim. Huwag ibalik ang anumang iba pang EDD form sa sobre.

Nauunawaan ko na nagpapataw ng kaparusahan ang batas kung gagawa ako ng hindi totoong mga pahayag o itatago ko ang totoo para makakuha ng mga benepisyo. Ipinahahayag ko sa ilalim ng parusa sa hindi pagsasabi ng totoo na ang ibinibigay kong impormasyon at ang mga dokumentong aking isinusumite ay

ISULAT ANG IYONG	LAGDA (kinakailangan)	NUMERO NG	PETS
str012			

MGA KINAKAILANGANG DOKUMENTO NG PAGKAKAKILANLAN

MAHALAGA: Ilakip ag iyong kumpletong Social Security number sa LAHAT ng dokumentong isusumite.

Kailangang mong magbigay ng malinaw at nababasang kopya ng ***ISANG*** litrato ng pagkakakilanlan na malinaw na nagpapakita ng iyong pangalan, petsa ng kapanganakan, at litrato (tingnan ang kalakip para sa mga halimbawa ng mga dokumentong tinatanggap).

AT

Dapat ka ring magbigay ng kahit ***ISANG*** malinaw at nababasang dokumento mula sa listahan sa ibaba (tingnan ang kalakip para sa mga halimbawa ng mga dokumentong tinatanggap):

- *Datos sa trabaho* **O**
- *Beripikasyon ng address ng tirahan* **O**
- *Beripikasyon ng SSN* **O**
- *Beripikasyon ng petsa ng kapanganakan.*

HUWAG magpadala ng kopya ng iyong Social Security card. Ang card ay **HINDI** sapat para sa kinakailangan.

Paghiling ng Karagdagang Panahon

Mayroon kang karapatan na humiling ng dagdag na panahon upang tipunin ang mga dokumento o humingi ng payo ng isang kinatawan. Kung kailangan mo ng karagdagang panahon, dapat makipag-ugnayan ka sa EDD sa pamamagitan ng telepono o sulat sa adres/numero ng telepono s unang pahina **SA LOOB NG 10 ARAW NG KALENDARYO** mula sa petsa ng pagpapadala sa koreo ng form na ito upang hilingin ang karagdagang panahon. Kapag hindi natanggap ng EDD ang mga kinakailangang dokumento sa katapusan ng 10 araw na itinakda, o hindi humiling ang palugit sa itinakdang petsa, ang mga benepisyo ay hindi maibibigay.

Mga Karaniwang Pagkakamali Kaugnay ng Beripikasyon ng Pagkakakilanlan

- Ang ***petsa ng kapanganakang*** ibinigay mo nang magsumite ka ng iyong file ay iba sa nasa SSA at/o sa Department of Motor Vehicles (DMV).
- Ang ***pangalan*** na ibinigay mo nang magsumite ka ng iyong claim ay iba sa nasa SSA o sa DMV. Maaaring pinalitan mo ang iyong pangalan at hindi mo naipaalam sa SSA at/o sa DMV.
- Ang ***SSN*** na ibinigay mo nang magsumite ka ng iyong claim ay hindi wasto. Maaaring nakalimutan mo ang numero, o napagpalit ang numero nang magsumite ka ng iyong UI claim o nang ibinigay mo ito sa itong employer.

Hindi ina-update ng EDD ang impormasyon sa SSA o DMV. Kung ang iyong ***petsa ng kapanganakano pangalan*** na ginamit sa SSA o sa DMV ay hindi wasto batay sa pagsusuri mo sa iyong pahayag sa SSA, lisensya sa pagmamaneho o card ng pagkakakilanlan na may litrato, makipag-ugnayan nang direkta sa SSA o sa DMV para gumawa ng (mga) pagbabago. Kung ang ***SSN*** na nasa file ng iyong (mga) employer ay hindi wasto batay sa pagsusuri mo sa iyong mga rekord ng sahod, gawin ang (mga) pagtatama direkta nang sa iyong (mga) employer. Patuloy na magsumite ng anumang dokumentong mayroon ka sa EDD upang lutasin ang isyu sa beripikasyon ng pagkakakilanlan sa loob ng 10 araw ng kalendaryo mula sa petsa ng abisong ito. Magbigay ng mga kopya ng na-update na mga dokumento sa EDD sa sandaling handa na ang mga ito.

Ang Section 1253(a) ng California Unemployment Insurance Code (CUIC) ay nagsasabi na lahat ng claim para sa mga benepisyo ay dapat isumite alinsunod sa mga regulasyon ng EDD. Ang Section 1257(a) ng CUIC ay nagsasabi na kung ang isang indibidwal ay nagbigay ng hindi totoong impormasyon sa EDD para makakuha ng mga benepisyo, siya ay maaaring mabigyan ng parusa. Ang Title 22, California Code of Regulations, section 1326-2 (b)(2)(A) ay nagsasabi na ang EDD ay maaaring mag-atas sa claimant na beripikahin ang SSN bilang SSN na ibinigay sa kanya ng SSA kung ang impormasyon na magagamit ng EDD ay nagpapahiwatig na ang SSN ay maaaring pag-aari ng ibang tao o hindi isang balidong numero.